

CalScope –Ang COVID-19 Antibody na Pag-aaral ng California

Mga Madalas Itanong – Para sa Pampublikong Pamamahagi

Ano ang layunin ng pag-aaral ng CalScope?

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang matutunan kung gaano karaming indibidwal sa California ang may antibodies sa virus na nagdudulot ng COVID-19 at kung paano maaaring magbago ang bilang na ito sa paglipas ng panahon. Ang impormasyong nakolekta mula sa pag-aaral na ito ay makakatulong sa California Department of Public Health (CDPH) at mga lokal na departamento ng pampublikong kalusugan na maunawaan kung gaano karaming mamamayan ng Californian ang nahawaan ng impeksyon o nakatanggap ng bakuna sa COVID-19 at kung paano ang impormasyon na ito ay magkakaiba sa iba't ibang mga grupo ng sa California (hal., mga grupo ayon sa rehiyon, edad, lahi at etnisidad, atbp.).

Bakit nais malaman ng CDPH kung ilang mga indibidwal ang may antibodies sa COVID-19?

Ang impormasyong ito ay maaaring makatulong na matukoy ang mga pangkat na may mataas na panganib para sa impeksyon at makatulong na tantyahin ang hinaharap na epekto ng COVID-19 sa California. Ang impormasyon at data mula sa pag-aaral na ito ay gagamitin lamang ng pangkat ng pag-aaral ng CalScope at hindi naglalaman ng personal na impormasyon na makakapagkilala sa iyo.

Bakit ako lalahok?

Ang iyong pakikilahok ay nakakatulong upang matiyak na ang isang malaki at magkakaibang grupo ng mga taga-Californian ay kasama sa pag-aaral na ito upang maunawaan namin ang epekto ng COVID-19 sa iba't ibang mga komunidad. Ang iyong sambahayan ay random na pinili mula sa milyun-milyong ibang mga tirahan upang kumatawan sa iyong county. Ang iyong pakikilahok ay makakatulong sa mga programa ng lokal na pangkalusugan na makakuha ng mas mabuting ideya kung paano maaaring mag-iba ang kaligtasan sa isang populasyon sa mga grupo kabilang ang mga bata, nagtatrabahong mga may edad, at mga nakakatanda na may pinagbabatayan na mga kondisyon.

Bakit hindi sinuman ang sumali sa pag-aaral na ito?

Libu-libong sambahayan ang random na pinili upang tumulong na matiyak na ang impormasyon ay makakalap mula sa isang malaki at magkakaibang grupo ng mga indibidwal—na sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng California. Ang hindi pinipili na pakikilahok na ito ay makakatulong upang maunawaan kung paano nagbabago ang kaligtasan sa sakit na COVID-19 sa populasyon sa buong mga rehiyon ng California at kung paano ito nakakaapekto sa iba't ibang komunidad.



Bisitahin ang www.CalScope.org
para sa karagdagang impormasyon.



CalScope –Ang COVID-19 Antibody na Pag-aaral ng California

Mga Madalas Itanong – Para sa Pampublikong Pamamahagi

Kompidensyal ba ang pakikilahok sa pag-aaral na ito?

OO. Hindi hihilingin ng survey ang iyong personal na impormasyon o katayuan sa pagkamamamayan. Ang lahat ng mga resulta ng survey at pagsusuri sa dugo ay kinokolekta nang hindi nagpapakilala (ibig sabihin ay hindi namin hinihiling ang iyong pangalan) upang protektahan ang iyong pagkakakilanlan. Kung gusto mo ng mga update sa pag-aaral, hihilingin namin sa iyo na ibigay ang iyong numero ng telepono at /o email address, ngunit hindi mo kailangang ibahagi ang impormasyon na ito kung ayaw mo. Sa sandaling makumpleto ang iyong paglahok o aalis ka sa pag-aaral, mabubura ang anumang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na ibinahagi mo sa amin.

Ano ang gagawin niyo sa impormasyon ng lumalahok?

Ang impormasyong nakolekta mula sa pag-aaral na ito ay nakaimbak sa isang protektadong server at protektado ng password. Ang lahat ng mga mananaliksik na bahagi ng pag-aaral na ito ay dapat makatanggap ng pagsasanay at mga sertipikasyon upang matiyak na alam nila kung paano maayos na pangasiwaan ang data at protektahan ang pribasiya ng lahat ng mga kalahok. Ang anumang mga tugon sa survey o mga resulta ng pagsusulit ay HINDI ibabahagi sa ibang mga grupo na hindi kasali sa pag-aaral na ito.

Ang impormasyon mula sa proyektong ito ay susuriin at iuulat bilang isang grupo para sa pangkalahatang mga takbo. Nangangahulugan ito na walang paraan na mahahanap o makikita ng isang indibidwal ang partikular mo na survey o mga resulta ng pagsubok at makikila ka. Dahil ang lahat ng mga tugon sa survey at mga resulta ng pagsusulit ay kinokolekta nang hindi nagpapakilala (walang mga pangalan), ang iyong personal na impormasyon ay hindi maaari at hindi ibabahagi sa anumang programa sa gobyerno.

Sino ang namumuno sa pag-aaral na ito?

Ang CalScope ay isang pag-aaral na pinamamahalaan ng CDPH, kasama ang Stanford University School of Medicine at pitong lokal na mga departamento ng county sa pangkalusugan (sa Alameda, El Dorado, Kern, Los Angeles, Monterey, San Diego, at Shasta na mga county).

Kailangan ko bang magsalita ng wikang Ingles o isang mamamayan ng US upang sumali sa pag-aaral?

HINDI. Lahat ng mga gamit sa pag-aaral at mga pagsisiyasat ay makukuha sa mga wikang Ingles, Spanish, Tagalog, at pinasimpleng Chinese. Makakakuha rin ng tulong para sa ibang mga wika. Ang aming pag-aaral ay HINDI nagtatanong tungkol sa katayuan sa pagkamamamayan.

CalScope –Ang COVID-19 Antibody na Pag-aaral ng California

Mga Madalas Itanong – Para sa Pampublikong Pamamahagi

Kailangan ko ba ng computer na may internet upang lumahok?

HINDI. Maaari kang mag-sign up gamit ang iyong smartphone o mobile na telepono na may data na nagpapahintulot sa iyo na gumamit ng internet. Kung wala kang access sa internet, maaari kang magparehistro at kumuha ng survey sa pamamagitan ng telepono sa 1-833-580-1333.

Maaari ba akong sumali sa pag-aaral kung ako ay nabakunahan?

OO. Maaari kang lumahok sa pag-aaral kahit na ikaw ay nagkaroon na ng COVID-19 bago o nabakunahan na. Mahalaga na magkaroon ng magkakaibang grupo ng mga kalahok para sa pag-aaral na ito, nabakunahan ka man o hindi.

Maaari ba akong lumahok muli kahit na sumali na ako sa pag-aaral noon?

OO. Kung natapos mo na ang pag-aaral na ito noong tagsibol o taglagas ng taong 2021, at ang iyong sambahayan ay nakatanggap muli ng ibang imbitasyon, maaari mong piliin na sumaling muli. Hanggang sa 1 matanda at/o 1 bawat sa bawat sambahayan ang maaaring sumali sa pag-aaral.

Maaari bang lumahok ang mas higit pa sa isang matanda sa bawat sambahayan?

HINDI. 1 matanda lamang (edad 18+) at/o 1 bata (edad 1 hanggang 17) ang maaaring sumali sa pag-aaral mula sa bawat sambahayan. Kung walang mga bata sa sambahayan, 1 matanda lang din ang pwedeng sumali sa pag-aaral sa bawat sambahayan.

Kailangan ko bang kumpletuhin ang parehong survey at sampol ng dugo para maging bahagi ng pag-aaral?

HINDI. Bagama't gusto naming kolektahin ang parehong survey at sampol ng dugo mula sa lahat ng mga kalahok, naiintindihan namin na maaaring hindi ito posible para sa lahat. Maaari mong piliing kumpletuhin lamang ang survey at hindi kumpletuhin ang dugo/sampol na kit sa pagsusuri.

Makakatanggap ba ako ng mga resulta ng pagsusuri sa dugo?

OO. Kung magsusumite ka ng isang sampol ng dugo mula sa pagtusok sa daliri gamit ang pangtahanan na test kit, matatanggap mo ang iyong resulta sa pamamagitan ng koreo sa loob ng 6-8 linggo. Sasabihin sa iyo ng iyong mga resulta kung mayroon kang SARS-CoV-2 na antibodies o wala.

Sasabihin ba sa akin ng antibody test kung ako ay kasalukuyang nahawaan?

HINDI. Hindi malalaman ng libreng antibody test kung ikaw ay kasalukuyang nahahawaan ng virus na nagdudulot ng COVID-19 (tinatawag na SARS-CoV-2).

CalScope –Ang COVID-19 Antibody na Pag-aaral ng California

Mga Madalas Itanong – Para sa Pampublikong Pamamahagi

Makakatanggap ba ako ng anumang bayad para sa pakikibahagi ng pag-aaral?

OO. Upang pasalamatan ka sa iyong oras, makakatanggap ka ng isang \$20 na gift card para sa pagkumpleto sa survey at isang \$20 na gift card para sa pagsasauli sa isang nakumpletong test kit. Maaari mong piliing tumanggap ng elektronikong gift card sa pamamagitan ng email o isang pisikal na gift card sa pamamagitan ng United States Postal Service (USPS) na koreo. Maaari ka ring makakuha ng hanggang sa \$40 para sa isang matanda at \$40 para sa isang bata sa iyong sambahayan.